


# MALAY

TOMO XXXII BLG. 1 • DISYEMBRE 2019

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Halaga ng Taunang Subskripsyon:** Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US$40 (surface mail), US$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US$25 (surface mail), US$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,500/Isahan: PhP1,300. Makipag-ugnayan kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

Karapatang-ari © 2020 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, o kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published by De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, Manila 0922 Philippines
Telefax: (63 2) 523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Websites: http://www.dlsu.edu.ph/offices/publishing-house/default.asp
http://www.ejournals.ph

*Ang De La Salle University Publishing House*
*ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

## Mga Patnugot

**Florentino T. Timbreza**
*Punong Patnugot*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Rowell D. Madula**
*Ko-Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Dolores R. Taylan**
*Tagapamahalang Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

## Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg
*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*

Aurelio Agcaoili
*University of Hawaii, USA*

Satoshi Ara
*Fukushima University, Japan*

Joi Barrios-Leblanc
*University of California, Berkeley, USA*

Aurora Batnag
*Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino*

Pamela Constantino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Antonio Contreras
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Rommel Curaming
*University of Brunei Darussalam, Brunei*

Feorillo Petronilo Demeterio
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

JC Gaillard
*The University of Auckland, New Zealand*

Efren Isorena
*Pamantasang Ateneo de Manila, Pilipinas*

Roberto Javier
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Bievenido Lumbera
*Unibersidad ng Pilipinas*

Jovy Peregrino
*Busan University of Foreign Studies, South Korea*

Epifanio San Juan Jr.
*Philippine Cultural Studies Center, Connecticut, USA*

Rolando Tolentino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Tereso Tullao
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Nelson Turgo
*Cardiff University, United Kingdom*

MALAY

## Mga Nilalaman

MULA SA EDITOR

**Florentino T. Timbreza**
**Rowell D. Madula**

MGA NATATANGING LATHALAIN

Faustino Aguilar: Historyador ng Himagsikan at Pagbabagong-buhay ng Uring Anak-Pawis at Makabagong Kababaihan / *Faustino Aguilar: Historian of the Revolution and the Renaissance of the Proletariat and Emancipated Women* 1
**E. San Juan, Jr.**

Diskurso ng Pagsusulatan ng Dalawang Binibining Urbana at Felisa 24
*Urbana and Felisa: Discourse of Letters of Correspondence*
**Maria Fe G. Hicana**

Bagsik ng mga Creole: Ang Laban ng mga Hijos del Pais sa Pagbabago at Kalayaan, 1820s-1840s / *Ire of Creoles: Hijos del Pais' Struggle for Reforms and Independence, 1820s-1840s* 34
**Palmo R. Iya**

Nasaan ang Hiya sa Etika ng Pananaliksik? Lapat ng Pagpapakatao at Lapit ng Pakikipagkapuwa sa Pagsasagawa ng Pananaliksik sa Agham Panlipunan/ *Where is Hiya in Research Ethics? Being Humane and Extending the Self in Doing Social Science Research* 52
**Roberto E. Javier Jr.**

Pamayanan sa Baybayin ng Laguna de Bay: Sipat-suri sa Problema ng Pagbaha sa Konteksto ng Likas-Kayang Pag-unlad / *Lakeshore Community along Laguna de Bay:Analyzing the Flood Problem in the Context of Sustainable Development* 68
**Alona Jumaquio-Ardales**

Tapagtaguyod ng Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino at ng Pilosopiyang Pilipino: Pakikipanayam Tungkol sa Pilosopiya at Praksis ni Dr. Florentino T. Timbreza / *Advocate of the Intellectualization of Filipino Language and of Filipino Philosophy: An Interview on the Philosophy and Praxis of Dr. Florentino T. Timbreza* 84
**Vladimir B. Villejo**
**Leslie Anne L. Liwanag**

Lipunan at Panitikan:Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa / *Society and Literature: Tracing Filipinism in Developing National Literature* 99
**Mark Ian Nibalvos**

MGA KONTRIBYUTOR 115

PANAWAGAN PARA SA KONTRIBUSYON SA MALAY 119

# Mula sa Editor

**Bakit kailangan ang pananaliksik?**

Ang pananaliksik ay pagtuklas ng kasagutan sa mga problema. Nilalayon nitong bigyan ng kalutasan ang mga hamong kinakaharap natin sa kasalukuyan, ng sagot at kaliwanagan sa mga tanong ng nakaraan, at ng kaginhawahan ng buhay sa hinaharap. Mahalaga ang pananaliksik dahil bahagi ito ng buhay, bahagi ito ng pagmamalay, nabubuhay at nagmamalay tayo para sa paghahanap ng katotohanan.

**Bakit kailangan ang paglilimbag?**

Ang paglilimbag ay isang mahalagang proseso sa pagpapakalat ng mga natuklasan sa isinagawang pananaliksik. Kung hindi ililimbag ang mga papel-pananaliksik, limitado ang mga taong makaaalam nito at matututo mula rito. Sa paglilimbag, nagkakaroon ng espasyo ang mga pananaliksik. Ang mga papel na inililimbag ay dumaraan sa proseso ng pagrerebyu. Sa bahaging ito, pinapayagan ng mananalikisk na basahin at suriin ang kaniyang papel ng kapuwa niya iskolar sa parehong disiplina. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng pagkakataon ang pananaliksik na tingnan ng ibang mga mananaliksik din at hinahayaan silang magbigay ng komento, puna, at mungkahi para sa lalong ikahuhusay ng papel. Mula sa pagrerebyung ito, nirerebisa ng mananaliksik ang kaniyang papel. Sa prosesong ito, higit na napagyayaman ang pananaliksik na isinagawa.

**Bakit kailangang sa wikang Filipino?**

Sa ating pananaliksik at paglilimbag ng resulta nito, nais nating mas maraming tao ang makabasa nito at makinabang mula rito. Mahalagang gamitin ang wikang higit na nauunawaan ng mas maraming bilang ng mga mambabasa. Sa konteksto ng Araling Pilipinas, ang mga pag-aaral na nakatuon sa kaisipan, karanasan, at kaakohan ng mga Pilipino ay mahalagang maipaabot sa wikang higit na nauunawaan at malapit sa mga Pilipino. Sa mga estadistikang lumalabas, ang Malay bilang journal na naglilimbag ng mga papel-pananaliksik sa wikang Filipino ay may mataas na bilang ng mambabasa. Paano ba higit na nauunawaan ng mga Pilipino ang mga programa sa telebisyon, hindi ba't sa wikang Filipino? Kaya't malinaw na ang pangunahing wika ng pananaliksik ay ang wikang Filipino.

Sa isyung ito ng Malay, makikita ang mga pananaliksik na nakatuon sa iba't ibang disiplina sa larang ng Araling Pilipinas, na nakasulat sa wikang Filipino.

Sa kaniyang kritikal na pagbasa, binibigyan tayo ni **Epifanio San Juan** ng pagkakataong makita ang mga kontradiksyong nakapaloob sa nobela ni Faustino Aguilar jr.na pinamagatang *Kaligtasan.* Sa nobelang ito ipinakita ang paglalapat ng pangyayari sa lipunan sa isang takdang panahon sa pag-aakda ng isang nobela. Pinatingkad ni San Juan ang tauhang si Amando Magat na maituturing, hindi lamang bida, kundi isang bayani sa nabanggit na nobela. Dahil kay Magat, nakita natin ang halaga ng kolektibismo para sa pagpapalaya ng uring api at pinagsasamantalahan.

Samantala, ang akdang *Pagsusulatan ng Magkapatid na Urbana at Felisa* naman ang binasa at sinuri ni **Maria Fe Hicana**. Binalikan ni Hicana ang diskursong nakapaloob sa pagsusulatan ng magkapatid na Urbana at Felisa na naging mahalagang sulatin sa kababaihan sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas. Tinalakay sa papel ang sistema ng pagkakasulat ng mga liham at kung paanong ang wikang kanilang ginamit ay naging midyum sa paghahatid ng aral at kagandahang-asal sa nabanggit na panahon.

Mahalaga sa pagtalakay sa kasaysayan ng Pilipino ang kasaysayan ng pakikibaka ng mga mamamayan, kung paanong ang mga Pilipino ay naghimagsik sa mga mananakop at mananamantala sa ating kalayaan. Ang artikulo ni **Palmo Iya** ay isang makabuluhang ambag sa pagtatampok sa halaga ng pag-aalsa sa ating kasaysayan. Ipinakita ni Iya na ang pag-aalsa ay maisasakonteksto sa mga pag-aalsang naganap sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang ika-19 na dantaon ay isang panahon sa kasaysayan na hindi gaanong nabibigyang-pansin subalit kung higit na titingnan ay malaking papel sa pangkabuoang kasaysayan ng pakikibaka sa ating lipunan.

Isa sa maiinit na usapin sa larang ng pananaliksik ang etika. Sa kasalukuyan, mas nagiging malay ang mga iskolar at mananaliksik sa pagtingin sa etika bilang kaakibat na konsepto sa anomang isinasagawang pananaliksik. Sa artikulo ni **Roberto Javier Jr.**, dinalumat niya ang konsepto ng hiya sa usaping etika at pananaliksik, lalo pa sa konteksto ng pananaliksik sa mga Pilipino. Maaari itong magsilbing gabay sa mga pananaliksik na isinagawa sa sikolohiya upang mas maging malay sa pagsasagawa ng mga pananaliksik sa araling panlipunan.

Napapanahon ang papel-pananaliksik ni **Alona Jumaquio-Ardales** na tumatalakay sa disaster at likas-kayang pag-unlad. Sa kaniyang isinagawang pananaliksik, naipakita ni Jumaquio-Ardales ang naging karanasan at kalagayan ng mga mamamayang nakaranas ng matagalang pagbaha sa kanilang komunidad malapit sa Laguna de Bay. Ang kanyang pagsusuri sa mga datos na nakalap ay makatutulong sa pagbuo ng mga polisiya at programa para sa mga lokal na pamahalaan at ahensya ng gobyerno para sa pagtugon sa mga hamong hatid ng kalikasan sa ating bansa.

Naging tampok naman sa papel nina **Leslie Anne Liwanag at Vladimir Villejo** ang punong patnugot ng *Malay* na si Dr. Florentino Timbreza – ang kinikilalang muhon ng pilosopiyang Pilipino at tagapagtaguyod ng pamimilosopiya sa wikang Filipino. Ang kaniyang mga ambag sa diskurso ng pilosopiya at buhay-Pilipino ay nailatag sa isinagawang panayam ni Villejo. Sa artikulong ito, higit na mauunawaan ang pinanggagalingan at pinagmumulan, kundi man ang kaibuturan ng pamimilosopiya ni Timbreza na hindi maitatangging malaki ang ambag sa pag-unawa ng kaisipang Pilipino.

Nakabatay naman sa tradisyon ng pagtatampok ng katutubong panitikan bilang mahalagang bahagi ng pagkilala sa pambansang panitikan ng bansa ang artikulo ni **Mark Ian Nibalvos**. Para sa kaniya, kailangan nating balikan at ugatin ang ating kapilipinohan o ang pag-unawa sa ating kaakohan bilang mga Pilipino sa sinaunang panitikan, sa panitikan ng mga rehiyon, at sa panitikan ng masa. Binibigyang-linaw sa kaniyang akda ang mahalagang papel ng mga ahensiya ng pagkatuto, mula sa mga manunulat, kritiko, at guro sa pagpapatatag ng panitikang bansa sa Pilipinas.

Sa bagong isyung ito ng MALAY, higit na napapatunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay sa wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakohan, kamalayan, at panitik ng mga Pilipino. Bilang pangwakas, muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu – si Bb. Joanne Castañares.

**Florentino T. Timbreza**
**Rowell D. Madula**